



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG
ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 28, 1997, HANGGANG
IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HAPPY VALLEY, ROXAS, SILANGANG MINDORO

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batios
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramulfo C. Bernal
Kagawad Honesto O. Taytay

KAPASYAHAN BIG. 029
Taong 1997

KAPASYAHANG MAPITAGANG NAOPAPAABOT KAY ORMECO
GENERAL MANAGER, ENGR. JACINTO H. MADRIAGA, JR.
NA MAPALITAN NG 15 KVA ANG 10 KVA TRANSFORMER
SA BARANGAY DANGAY, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T sa nakaraang mga buwan, napakalimit at walang oras ang
pagkakaroon ng brown-out sa Barangay Dangay na ang dahilan
ay ang pagti-trip ng 10 KVA transformer ng kuryente sa
lugal na ito tuwing tumataas ang power supply lalo't gina-
gamit ang power barge;

SAPAGKA'T dahilan sa malimit na pagkawala ng kuryente, naging kapu-
na-puna ito at nakaapekto nang malaki sa pang-araw-araw na
gawain ng mga mamamayan sa lugal na siyang malimit nilang
inirereklamo;

SAPAGKA'T ang mga gawain sa loob man ng tahanan o sa labas sa pag-
hahampuhay ay di nagagawa, nasantala o nasisira dahil
sa pagkawala ng supply ng kuryente at ito ay nagbubunga
ng pagkasira ng mga appliances o ng paglain, pagkalugi sa
negosyo o tuluyang pagtigil dito dahil sa di maasahang
takbo ng elektrisidad;

SAPAGKA'T ang kalagayang ito ng laging pagkasira ng transformer ay
nangyayari hindi lamang dito sa Dangay kundi sa iba pang
panig ng bayan ng Roxas kung saan ang transformer ay mga
depektibo na rin at nagdudulot ng di magandang impresyon
para sa palakad at pamamahala ng mga kinaamulan;

SAPAGKA'T ang ganitong hinaing ay ipinasaabot sa Sangguniang Bayan
ng Roxas at ito ay mapitagang itimtukoy sa pamumunang
ORMECO para sa kanilang maagap at madaliang pag-aksyon.

[Handwritten signature]

[Handwritten signature]

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na pinangalawa-
wahan nina Kagawad Eduardo G. Villamin at Kagawad Cesar
T. Baticos -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa kaalaman ng
ORMECO sa pamamagitan ni Engr. Jacinto H. Madriaga, Jr.
ang kahilingang mapalitan ang 10 KVA transformer sa Baran-
gay Dangay ng isang 15 KVA transformer upang mapabuti ang
serbisyo ng kuryente sa barangay na ito.


IPINASYA RIN na hilingin sa pamunuan ng ORMECO ang pag-ayon o paga-
papalit ng iba pang transformer sa ibang lugar sa bayan ng
Roxas, Silangang Mindoro upang maiwasan ang masamang
epokto nito sa pang-araw-araw na gawain at pangangailangan
ng mga mamamayan.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Engr.
Jacinto H. Madriaga, Jr., General Manager, ORMECO, Calapan,
Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at magap na
pag-aksyon, gayundin padalhan ng sipi sa G. Nolasco Q. Paz,
Area Manager, at G. Johnny Francisco, ORMECO Board Member
para sa kanilang suporta sa kahilingang ito.

Pinagtibay ng lahat.

28 Abril 1997


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


JESUS M. NIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

merz/
042897